**Ang Paghihiwalay ng Bansa**
(1 Hari 11-12)




Noong unang panahon, ang Israel ay isang makapangyarihang bansa. Ang bansang ito ay napakaespesyal dahil kilala ito bilang bayan ng Diyos. Ngunit isang araw, may nangyari na nagpabago sa Israel magpakailanman.

Si Haring Solomon ay isang matalino at makapangyarihang pinuno ng Israel. Itinayo niya ang unang templo para sa Diyos na inabot ng pitong taon para matapos. Nagtayo rin siya ng mga kamangha-manghang gusali katulad ng kanyang palasyo. Ngunit ang pagtatayo ng mga ito ay hindi madali. Kinailangan ni Solomon ng maraming pera at mga manggagawa. Nagpataw siya ng mataas na buwis sa mga tao at pinilit silang magtrabaho nang walang tigil. Ang mga tao, lalo na ang mula sa hilagang bahagi ng kaharian, ay nagsimulang mapagod at magalit. Habang tumatanda si Solomon, nagkaroon siya ng malaking pagkakamali. Nagpakasal siya sa maraming prinsesa mula sa ibang mga bansa na sumasamba sa mga diyos-diyosan. Upang mabigyan sila ng kasiyahan, nagpatayo si Solomon ng mga templo para sa mga diyos nila. Nagalit ang Diyos kay Solomon dahil nagsimula ring sumamba ang mga tao sa ibang mga diyos-diyosan.

Nang namatay si Solomon, ang kanyang anak na si Rehoboam ang naging bagong hari. Umaasa ang mga tao na magiging mabait si Rehoboam at pagagaanin ang kanilang mga pasanin. Nagpadala sila ng isang pinuno na nagngangalang Jeroboam upang pakiusapan ito.

Si Jeroboam ay isa sa mga kilalang pinuno sa sa ilalim ni Solomon. Bago pa man mamatay si Solomon isang propeta ng Panginoon ang lumapit kay Jeroboam at nagsabi, "Sinuway ni Solomon ang Panginoon. Si Solomon ang magiging hari hanggang sa siya ay mamatay, ngunit pagkatapos nito, ang 12 tribo ng kaharian ay mahahati sa dalawang bahagi. Ang anak ni Solomon ay mamumuno sa dalawang tribo, at ikaw ay mamumuno sa sampu. Nang malaman ni Solomon ang sinabi ng propeta ninais niyang parusahan si Jeroboam ngunit ito ay tumakas papuntang Egypt. Muli siyang bumalik matapos mabalitaan na patay na si Solomon.

Pumunta si Jeroboam kay Rehoboam upang hilingin na bawasan ang mataas na buwis at sapilitang pagtratrabaho ng mga tao. Ngunit hindi nakinig si Rehoboam sa payo ng mga

matatalinong matatanda na nagsabing maging mabait siya. Sa halip, nakinig siya sa kanyang mga batang kaibigan na nagsabing maging mas malupit siya. Sinabi ni Rehoboam sa mga tao, "Kung sa tingin ninyo ay mahigpit ang aking ama, mas mahigpit ako!" Ito ay ikinagalit ng mga tao.

Nagpasya ang mga tribo sa hilaga na sapat na ang kanilang naranasan. Pinili nila si Jeroboam bilang kanilang hari at bumuo ng kanilang sariling kaharian, na tinawag na Israel. Ito ay binubuo ng 10 lipi mula sa 12 na lipi ng bayan ng Diyos. Iniwan nila si Rehoboam, at siya ay naghari lamang sa katimugang bahagi, na tinawag na Judah. Ito naman ay binubuo ng lipi nila Judah at Benjamin.

Pagkatapos ng malaking paghahati, nag-iba ang buhay sa dalawang kaharian. Ang hilagang kaharian, ang Israel, at ang katimugang kaharian, ang Judah, ay madalas na hindi magkasundo. Mayroon silang sariling mga hari at sariling paraan ng pagsamba. Dahil sila ay tumalikod sa Diyos at nagkahiwalay, naging mas mahina sila at hindi nakayang ipagtanggol ang kanilang mga sarili laban sa mga kaaway. Maraming taon ang lumipas, at ang kahinaan na ito ang naging dahilan kung bakit nasakop ng ibang mga bansa ang dating makapangyarihang Israel.

Ang Diyos ay tapat sa Kanyang mga pangako. Pinahahalagahan Niya ang katapatan natin sa Kanya. Ang desisyon na piliin at sundin ang Diyos ay nagresulta ng kabutihan, pagpapala at kapayapaan sa Kanyang bayan. Habang ang pagsuway at pagtalikod sa Kanya ay palaging may masamang kinahihinatnan. Kung paanong naging tapat ang Diyos sa atin, ganun din dapat tayo sa Kanya.

